PAGSILAY NG BAGONG BUHAY



إشراقة حياة جديدة

KASAYSAYAN NG ASAWA NG KAGALANG - GALANG NA DATING AMBASSADOR NG PILIPINAS

AT

GABAY SA OFWs SA KUWAIT

قصة زوجة سعادة السفير الفلبيني السابق في الكويت

و

إرشادات للعمالة الفلبينية في الكويت

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

STATE OF KUWAIT
Al-Farwaniya
Block 1, St. 74 Corner St. 72, Bldg. 12, Floor 8
Telefax No.: 24712574 Hotline (Mobile): 97802777

PAUNANG SALITA NG ADMINISTRATIVE OFFICER & SHAR'A LEGAL OFFICER SA EMBAHADA NG PILIPINAS SA KUWAIT, AT ABOGADO NG PHILIPPINE SHARI'A

Pasuguan ng Pilipinas

سفـــارة الفلـبـين

Embassy of the Philippines

KUWAIT



PAUNANG SALITA

Ang aklat na ito ay kasaysayan ng pag-yakap ng Islam ni Ms. Beverly Faith (Ayesha) Talpis Tanggol, isang ka-eskuela sa Universidad at asawa ng aking kababata na si Dr. Sukarno D. Tanggol.

Noon pa man, nakita ko na sa kanya ang katangian ng kababaihan sa Islam at malawak na kaalaman. At ito'y napatunayan nang tanggapin niyang magiging ina o nanay ng mga magiging anak ng isang Muslim na kabiyak sa puso.

Sa pamamagitan ng Islam Presentation Committee-Filipino Section, ngayon ay Kuwait-Philippine Cultural Center, sa bansa ng Kuwait na pinamumunuan ni Sheikh Abdulhadi Gumander, ang kaalaman sa Islam ni Ayesha ay lalong umunlad ng siya'y magkaroon ng panahon upang saliksikin ng husto ang relihiyong Islam. At bilang asawa ng isang sugo o ambassador, si Ayesha ay nakihalobilo sa mga kababaihan sa Kuwait maging Muslim o hindi na mula sa iba't ibang bansa.

At lalong nabuksan ang kanyang pananaw sa Islam, ng siya'y dalhin sa Saudi Arabia ng kanyang asawa para mag-umrah o dalawin ang Kaaba sa Makkah at Madinah Munawara kung saan nakalibing si Prophet Mohammad *salalaho alayhi wasalaam.*

Si Ayesha ay isang ehemplo ng kababaihan, sa ugali, pananamit at pakikitungo sa kapwang tao.

Pasalamatan natin ang Allah *subhana wa taala*, na siyang nagbigay ng lahat ng kaalaman at pangyayari sa mundong ito, dahil Siya lamang ang may kumpletong kaalaman.

Higit sa lahat, ang Embahada ng Pilipinas na pinangunahan ni Ambassador Ricardo M. Endaya ay tuloy susuportahin ang lahat na makapilipinong at makabansang actibidad ng Kuwait-Philippine Cultural Center.

Sobhanallah, Allhamdulillah, Allaho Akbar.

Muammar Tomara M. Ayo, Ph.D.
Philippine Shari'a Lawyer
Administrative Officer &
Shari'a Legal Officer

State of Kuwait, 30 August 2007

PAMBUNGAD NG KPCCenter's EXECUTIVE DIRECTOR

Ipinasa ng **Islam Presentation Committee** (**IPC**) sa aming tanggapan ang isang mahalagang kasaysayan upang mailimbag sa isang aklat na may pamagat na Pagsilay ng Bagong Buhay. Ito ay ang Kasaysayan ni **Madame Beverly Faith T. Tanggol**, asawa ni **Dr. Sukarno D. Tanggol**, **ang kagalang-galang na Ambassador ng Pilipinas sa Estado ng Kuwait mula noong 1999 hanggan sa 2002**, na isang Muslim at nagpasyang makapag-asawa ng isang Kristiyana.

Kami ay nagpasya na ring matugunan ang hangarin ng IPC kung aming matatanggap mula sa dating Ambassador at sa kanyang asawa ang malinaw na kapahintulutan sa paglilimbag nito. Hindi lamang ang kusang pagyakap at walang sapilitang pagtanggap sa Islam ang dahilan upang aming tanggapin ang hangaring ito, kundi pati na rin ang pag-asawa ng Muslim na lalaki sa isang hindi Muslim sang-ayon sa Batas ng Islam, sapagkat batid ng nakararami na ito'y ipinahintulot sa Islam subalit hindi karaniwang ginagawa, at kung may gumagawa man ay parang hindi ikinasisiya ng iba.

Sa aming sariling pag-unawa, ang kasaysayang ito ay kakaiba sa lahat ng mga kasaysayan na ating nababasa, sapagkat ito ang tunay na anyo ng pakikipagkasundo at pakikitungo sa isa't-isa ng mag-asawa sa ilalim ng Batas, na siyang panawagan ng lahat upang matamo ang tagumpay at malutas din ang problemang terorismo na nagaganap hindi lamang laban sa anumang bansa kundi gayundin sa mga kababaihan na ginagawa ng mga kalalakihan na kaanib sa iba't-ibang relihiyon.

Sinabi ng Panginoong Diyos sa Kahuli-huliang Banal na Aklat na Kanyang ibinunyag sa Kanyang mga Sugo:

﴿لا إكراه في الدين﴾البقرة: 256

﴿والمحصنات من الذين أوتوا الكتاب من قبلكم إذا آتيتموهن أجورهن﴾ المائدة: 5.

Sang-ayon sa pagpapaliwanag ng kahulugan Nito:

«Walang pamimilit sa Pananampalataya» 2 : 256.

«At malinis na babae ng mga ginawaran ng Kasulatan (mga Hudyo at mga Kristiyano) nang una sa inyong panahon, kung inyo nang naibigay sa kanila ang katampatang mahr (Dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang asawa sa sandali ng pagpapakasal» 5: 5.

Ang lahat ng mga Propeta ***(Sumakanila ang Kapayapaan)*** ay inatasan ng Diyos sa Pagsamba sa Kanya lamang na wala ng iba maliban sa Kanya. Inatasan din silang lahat na pairalin ang Kapayapaan at ito'y maisabuhay ng sinumang naghahangad na matamo ang Kanyang Pagkalugod. Kaya para sa amin, isang ikalulugod ng Diyos na kami ay nakagagawa ng anumang uring tulong o nakapaglilingkod man lamang sa mga kapwa Filipino at magabayan ang mga OFWs sa Kuwait.

Kalugdan tayo lahat ng Mahal na Panginoong Diyos. Ameen!

Skh. Abdulhadie Gumander

MENSAHE NG KAGALANG-GALANG NA DATING AMBASSADOR

Ako ay nasisiyahan na ibigay ang lubos na suporta sa paglalathala ng kasaysayan tungkol sa paglipat ng aking asawa, si **Beverly Faith T. Tanggol** (**Ayesha Jennah Hessa**) mula sa **Romano Katoliko** patungo sa **Islam**.

Ang Pagtanggap ni **Ayesha** sa Islam ay tumagal ng mahabang mga taon ng pagsasaliksik, at nangyari lamang na ito ay nagwakas noong ako ay italaga bilang **Chief of Mission of the Philippine Embassy** sa **Kuwait**. Sa Kuwait lamang siya nagkaroon ng pagkakataon na dumalo sa mga **Kursong Islamiko** sa **IPC**.

Makaraan ang aming pag-aasawa noong taong **1983**, kailanman ay hindi ko siya hinimok na tanggapin ang Islam kung ito ay labag sa kanyang kagustuhan. Gayunman, hinihiling ko sa kanya na magbasa ng mga babasahin tungkol sa Islam na paminsan-minsan ay inilalaan ko para sa kanya.

Ako ay lubos na nagpapasalamat sa IPC at opisina ng **Kuwait-Philippine Cultural Center** sa paglalathala ng kasaysayan ni Ayesha. Subalit higit sa lahat, pinasasalamatan ko at pinupuri ko ang **Allah Subhanaho Wata'ala** sa lahat ng Kanyang Pagpapala.

Dr. Sukarno D. Tanggol

SULAT-KAMAY AT LAGDA NG ASAWA NG KAGALANG-GALANG NA DATING AMBASSADOR BILANG KANYANG KAPAHINTULUTAN NA ILATHALA AT ILIMBAG ITONG KASAYSAYAN

Ako ay buong pusong nagpapahintulot sa Kuwait Philippine Cultural Center at sa Islamic Presentation Committee na ilalathala ang maikling kasaysayan ng aking buhay bilang isang Kristiyano at ang aking kusang pagyakap sa Islam.

Ipinagdasal ko kay Allah na ang aking kwento ay maging inspirasyon sa mga taong makakabasa nito.

Ayesha Jennah Hessa T. Tanggol

Amba:

stanggol@hotmail.com

Madame:

bfaith_t@hotmail.com

KASAYSAYAN NI MADAME BEVERLY FAITH T.TANGGOL

Ako'y isinilang sa isang bayan ng **Zamboanga Del Sur,** mula sa mga magulang na kapwa naniniwala sa relihiyong Kristiyano. Ang aking ina, si Cornelia Galay Dacuya ay tubong **Bohol** ngunit lumaki sa **Misamis Occidental** at masugid na tagasunod ng **Romano Katoliko**. Samantala ang aking ama, si Daniel Sumamban Talpis, ay katutubo ng **Zamboanga**. Dahil ang kanilang lugar ay napuntahan ng mga "missionaries," ang aking ama ay sumunod sa relihiyong **Protestante**. Ang aking mga kapatid, si Daniel Jr. ay kasapi sa relihiyong **Baptist** at ang dalawa kong kapatid, si Noel at Doris Sylvia ay sumunod sa relihiyong **Katoliko**.

Sa mga taon ng aking kabataan hanggang sa ako ay umabot sa sekondarya, ako ay malimit na tumutungo sa simbahan ng Katoliko. At dahil ako ay marunong tumugtog ng piyano at gitara, naging miyembro ako ng **Church Choir** bilang piyanista sa **Misa** na ginaganap sa tuwing araw ng Linggo at iba pang araw ng kapistahan ng mga santo.

Minsan naman ay pumupunta rin ako sa kongregasyon ng mga Protestante sa tuwing sila ay naglulunsad ng espesyal na serbisyo. At bilang isang namamalagi sa Simbahan, ako noon ay nagkaroon ng pangarap na balang araw ay maging **Madre** ng Katolikong Simbahan.

Ako ay nagpapasalamat sa Panginoon sa aking mga nakamit na "**Honors at Awards**" sa eskwela at sa mga talento na binigay niya sa akin. Sa aming lugar, ako ay naging "First Honors" mula Grade I hanggang Fourth Year High School. Sa aking Kolehiyo, ako'y naging University Scholar at Cultural Scholar ng isa sa mga tanyag na Unibersidad ng Pilipinas – Ang **Mindanao State University** (**MSU**), kung saan ipinagpatuloy ko ang aking pag-aaral. Kumuha ako ng kursong **B.S. in Hotel and Restaurant Management**.

Dahil dito, ang pangarap kong maging isang Madre ay unti-unting

naglaho. Ang MSU ay matatagpuan sa **Marawi City** sa Probinsiya ng **Lanao Del Sur**, isang lugar ng mga Muslim.

Bagaman, walang Simbahan ng mga Kristiyano sa loob ng Unibersidad, ang mga grupo naman ng mga Kristiyanong estudyante ay palaging nagkikita-kita sa ilang lugar upang gawin ang kanilang serbisyo. Iniimbitahan nila ako na sumali sa kanilang mga pagtitipon-tipon. Ngunit kung minsan, hindi na rin ako nakakadalo sa ganitong uri ng mga gawain sa kadahilanang akademiko, gayundin ang mga ekstra-kurikular na gawain.

Maliban pa sa aking pagpasok sa grupong **Beta Sigma Fraternity-Sigma Beta Sorority**, ako'y naging miyembro na rin ng **MSU Sining Kambayoka** – isang tanyag na samahang pangkultura na nagpapalabas ng **Theater Arts, Sayaw at Musika** sa buong Pilipinas.

Nakapaglakbay din kami sa iba't-ibang lugar sa buong bansa upang gumanap ng mga palabas at pagsasayaw sa stage, lalo na sa kapanahunan ng Christmas Break at Summer Vacations. Dahil isa akong "**Lead Actress**" ng Sining Kambayoka at isa sa mga nanalong kandidata ng "**Miss University Beauty Pageant**", abalang-abala ako sa aking mga gawain kaya wala na talaga akong panahon upang lumahok sa grupo ng mga Kristiyano.

Sa Unibersidad ng MSU ako nagsimulang makakilala ng mga kaibigang Muslim. Noong una ay may pagkiling at pagkakamali sa aking pagkakaunawa tungkol sa kanila. Kaya ganoon na lamang ang aking pagkakabigla nang malaman ko na ang mga Muslim pala ay hindi gaya ng aking pag-aakala.

Sa unang taon ko pa lang sa Kolehiyo ay nakilala ko na si **Sukarno D. Tanggol**, isa ring **University Scholar**, **Varsity Player** at **Aktibong Lider** ng mga estudyante at pangulo ng **Beta Sigma Fraternity**. Siya ay **Maranao,** at isang **Muslim** mula pagkasilang. Nagustuhan ko siya dahil sa kanyang angking katalinuhan at ang kanyang mabuting pakikitungo sa mga tao. Naging magkaibigan kami at magkasabay sa pagtatapos

ng Kolehiyo. Sa kanya nagsimula ang aking kaalaman tungkol sa Islam dahil nagbibigay siya sa akin ng mga babasahin tungkol dito.

Pagkatapos ng aking graduation, nakapagtrabaho ako sa isang tanggapan ng pamahalaan sa **Cotabato City** sa **Gitnang Mindanao** kung saan ang lugar na ito ay tinitirahan ng karamihang mga Muslim. At muli, aking natagpuan ang mga kaibigang Muslim doon na mga **Maguindanaon,** hanggang sa lumaon ay nakita ko ang tunay nilang pagkatao na sumusunod sa relihiyong Islam.

Pagkalipas ng tatlong taong pagtatrabaho, naging mag-asawa kami ni Sukarno at nabibiyaan kami ng anim na anak – tatlong lalaki at tatlong babae. Kami ay nakatira sa **Iligan City** na malapit sa **Marawi City.** Marami rin ang mga Muslims doon. Subalit sa mga panahong iyon, nagsimula na akong magkaroon ng mga katanungan tungkol sa relihiyon. Hindi na rin ako pumupunta sa simbahan ng Katoliko o sa Protestante, kaya nadama ko na mayroong pagkukulang sa aking sarili.

Noong nag-aral pa si Sukarno sa **Unibersidad ng Pilipinas** (**UP**) sa **Diliman, Quezon City** sa kanyang **Doctorate in Public Administration,** nag-aral rin ako sa aking **Masters in Public Administration** sa UP rin. Sa Unibersidad, nakita ko na napakaraming mga **Balik-Islam** doon na mga estudyante mula pa sa iba't-ibang panig ng Pilipinas. Kaya ako ay lubos na nagtaka kung ano ba talaga ang nasa relihiyong **Islam** na nakakaengganyo sa mga ito upang magbalik-Islam.

Lahat ng aming mga anak ay sumunod sa paniwalang Islamiko kahit ako ay hindi pa lubos na yumakap nito. Labis ang pasasalamat ko kay Sukarno na hindi niya ako pinilit maging Muslim sa kadahilanang nakapag-asawa ako sa kanya na isang Muslim. Binigyan niya ako ng panahon na higit kong maintindihan ang kanyang relihiyon sa pamamagitan ng pagpapaunawa sa akin ng kahalagahan nito bilang isang pamilyang nananampalataya sa iisang relihiyon, at ang patnubay niya sa akin sa mga babasahing aklat upang lumawak ang aking kaalaman. Dahil sa kanya at sa kanyang pamilya, nadagdagan ang aking

pag-uunawa tungkol sa Islam.

Noong maitalaga ang aking asawa bilang **Ambassador ng Pilipinas sa Bansang Kuwait** sa taong **1999**, hindi ako masyadong masaya na sa Kuwait kami pupunta. Nais ko sana na siya ay mad-destino sa ibang lugar dahil alam ko na sa Gitnang Silangan, ang mga pamayanan ay may malaking pagkakaiba sa Kanlurang mga Bansa.

Iniisip ko na ako'y hindi maging masaya sa Kuwait. Inakala ko na ang paninirahan sa Kanlurang Bansa katulad ng Estados Unidos o di kaya'y sa Europa ay higit na nakakaaliw. Lingid sa aking kaalaman, sa Kuwait ko pala mapupunuan ang pagtuklas ng katotohanan at matatagpuan ang naging kulang sa aking buhay na matagal ko nang hinahanap.

Dumating ako sa Kuwait noong **Setyembre 1999** kasama ang aking apat na mga anak. Nauna si Ambassador ng apat na buwan at ang dalawa kong mga anak na lalaki ng dalawang buwan sa pagpunta sa Kuwait.

Isa sa mga kauna-unahang kababaihan na aking nakilala ay si **Sister Aisha Dianalan Munder**, ang butihing asawa ng **Assistant Labor Attache sa Embahada ng Pilipinas sa Kuwait.** Ang babaeng ito ay isinilang bilang isang Muslim at napakabait na kaibigan. Nagbigay daan siya na magkakaroon ng pagkakataon upang bumisita sa aming tahanan ang ilang kapatiran mula sa **Islam Presentation Committee** (**IPC**)**,** sa **Departamento ng mga Kababaihan sa Rawdha.** Napakainit ng kanilang pagbisita sa akin sa aking pamilya kaya ako'y nahikayat na pumasok sa isang kursong Islamiko na libreng ipinagkaloob ng IPC.

Bilang asawa ng Ambassador, malaki ang oras na aking inilalaan para sa maraming lugar na pinupuntahan tulad ng mga dinners, receptions, coffee mornings, tea parties at iba pa. Dagdag pa rito ang mga gawain ng **DFA Ladies Foundation**, ang organisasyon ng mga asawa ng empleyado sa embahada na aking inorganisa at ako ang pinuno. Marami kaming mga proyekto at dumadalaw kami sa ating mga kababaihang

kababayan na nagkakasakit sa mga hospitals, at ang mga nadakip at may kaso sa presohan ng kababaihan.

Ngunit, kagustuhan ng **Allah** na ako'y magkaroon ng oras at pagkakataong tumungo sa IPC upang mag-aral, kahit napakarami kong mga obligasyon bilang isang asawa ng Ambassador. Ang una kong kurso sa Islam ay "**Aqueedah**". Ito ay nagsilbing pambungad para sa akin hanggang sa ako ay magka-interes sa paksang "**Basic Tenets of Islam**". Laking pasasalamat ko sa IPC na sa loob ng labing pitong taong pag-aasawa sa isang lalaking Muslim, ngayon ko lubos na natagpuan ang paghanap ng katotohanan na naumpisahan ko sa Pilipinas sa aking asawa't kanyang pamilya. **Ako ay kusang nagpasyang maging Muslim o yumakap sa relihiyong Islam, kapuri-puri ang Allah**!

Walang pumilit sa akin upang ako'y maging isang Muslim. Ito'y aking kapasiyahan mula sa kaibuturan ng aking puso, at mayroon akong nadarama na hindi ko maipaliwanag. Sa aking palagay ay nabuo na ang aking buhay.

Nang lumaon ay kumuha rin ako ng ilan pang mga kurso sa Islam tulad ng "**Hadith**" (Salita, Kilos at Kaugalian) at "**Seerah**" (Talambuhay ni Propeta Mohammad). Nagka-interes din akong kumuha ng Wikang Arabik at natapos ko ang kursong **Arabic 1.** Sa kabuuan, nakakuha ako ng **Excellent Grades** sa lahat ng kursong kinuha sa IPC, **Kapuri-puri ang Allah**.

Sadyang napakaganda ang aking naging pag-ayuno sa Buwan ng **Ramadhan** noong taong **2000** bilang isang Muslim. Sa mga panahong yaon ay lubos kong naintindihan ang kahalagaan ng pag-aayuno na kasama ang pagdarasal ng limang beses sa isang araw.

Sadyang napakainam para sa mga tao na laging sila ay nauugnay sa Panginoon, humihingi ng maraming beses ng Kapatawaran at Biyaya, pagkat di natin batid kung kailan matatapos ang ating buhay sa Mundo.

Ang pag-aayuno ay nakapagturo din sa akin tungkol sa disiplina, paggalang at kabaitan. Noon, inaakala ko na ako'y magkakasakit lamang sa gutom kapag ako'y nag-aayuno, ngunit wala namang nangyaring masama sa akin nang mabuo ko ang Ramadhan sa pag-aayuno.

Ako'y naniniwala na kapalaran ko na matagpuan ang Islam. Kung hindi ako nakapag-asawa ng isang Muslim, hindi sana ako magiging Muslim. Si Ambassador Sukarno D. Tanggol ay naging daan upang makita ko ang katotohanan dahil kung hindi siya nadestino sa Kuwait, hindi ko sana matatagpuan ang IPC at hindi naging ganap ang aking pananampalataya sa Islam. Aking napatunayan na ang Allah ay sadyang napakabait.

Isang taon lamang ang makalipas sa aking pagyakap sa Islam ay nabiyayaan akong makasama sa **Hajj** kasama ang aking mahal na asawa. Napakadali para sa amin na ayusin ang lahat, sa pamamagitan ng pagtulong ng IPC, lalo na sina **Sheikh Nadir Al-Nouri** at **Jassem Al-Awadhi** (pawang mga opisayales sa IPC) at mga opisyales din at sisters sa **Departamento ng Mga Kababaihan** sa **Rawdha**.

Ang pagsasagawa ng Hajj sa **Makka** at pagdalaw sa iba pang mga banal na lugar noong buwan ng **Marso**, taong **2001**, ay isang napakahalagang kasaysayan na hindi ko makakalimutan sa buong buhay ko. Halos hindi ako makapaniwala na ako ay naroon sa harap ng **Ka'aba** na nakapalibot sa akin ang iba pang kapatirang mga Muslim na nagmumula pa sa iba't-ibang sulok ng Mundo.

Hindi mapipigilan ang aking mga luha na tumulo sa aking pisngi habang aking dinarama ang kabanalan at kaluwalhatian ng lugar. Kung kaya, aking ikinagagalak ang kadakilaan ng Allah. Lahat ng aking mga dalanging inihandog para sa Kanya at mga bagay na aking hiniling sa Kanya sa kapanahunan ng Hajj ay pawang nangatupad, kapuri-puri ang Allah!

Ang pangalang Muslim na aking napili para sa aking sarili ay **Ayesha Jennah Hessa.** Maaring ito ay mahabang pangalan ngunit ito

ang aking nagustuhan pagkat ito ay naglalarawan sa kwento ng aking karanasan sa pagiging Muslim.

Napili ko ang **Ayesha** pagkat ang pangalawang pangalan ng aking asawa ay si Mohammad, at bilang parangal na rin sa aking kapatirang si Aisha D. Munder na humikayat sa akin upang subukang tunguhin ang IPC. **Jennah** ay paraisong aking pinapangarap at ipinagdarasal na sana ay ito ang aking magiging huling hantungan, sa kapahintulutan ng Allah. Ang **Hessa** naman ay aking idinagdag na rin pagkat ito ay nangangahulugan ng kapalaran. Ang aking naging kapalaran ay natagpuan ko sa IPC, natuklasan ko ng buo ang Islam, hanggang sa ako'y naging Muslim.

Taong 2002, bumalik kami ni Ambassador sa Makka kasama ang aming mga anak para sa isang **Umrah.** Nagpapasalamat kami sa Allah sa pagkakataong binigay Niya sa amin na makapuntang Kuwait ang buong pamilya, at sa lahat ng mga magagandang pangyayari sa buhay namin.

May tatlong bagay na higit na nakahikayat sa akin sa Islam: Una, ang ganap na kaisahan ng Allah. Ikalawa, ang kadalisayan ng Banal na Qu'ran. At ikatlo, ang malakas na tali ng pagkakapatiran ng lahat ng mga Muslim.

At sa kapahintulutan ng Allah, nais ko pa sanang kumuha ng marami pang kursong Islamiko sa IPC upang sa aking pagbabalik sa Pilipinas, pagkatapos ng termino ng aking asawa bilang Ambassador sa Kuwait ay maaari ko itong ipangaral at ipamahagi sa iba, anuman ang aking natutunan.

Ako'y nagpapasalamat kay **Sister Aisha D. Munder** at sa **IPC**. Ako rin ay nagpapasalamat sa aking mga **magulang at kapatid, gayundin sa mga kamag-anak ng Ambassador,** sa kanilang pag-uunawa. Sa aking asawang si **His Excellency Ambassador Dr. Sukarno D. Tanggol**, at sa aking mga anak – **Zshari Zxilka, Faizza Farinna, Abu Al-Rasheed, Jeehad Januar, Sarji Sukarno at Nareija Najma**, ang

pagmamahal at suporta ninyo ay tunay na inspirasyon ko. **Higit sa lahat, ang pasasalamat ko kay Allah sa lahat ng mga Biyaya dahil Siya ay Tunay na Kapuri-puri!**

Beverly Faith (Ayesha Jennah Hessa) T. Tanggol
Kuwait, 2002

MGA TANAWIN AT LARAWAN NA NAGPAPAALALA SA PILIPINAS AT SA KUWAIT



Manila, Philippines



Ang buong pamilya ng Ambassador (Mula sa kaliwa:
Abu Al-Rasheed, Zshari Zxilka, Ambassador Tanggol, Sarji Sukarno, Madame Tanggol,
Nareija Najma, Faizza Farinna at Jeehad Januar)




Kuwait City



Si Madame kasama ang isang Filipina sa panahon ng kanilang Kusang pagyakap sa Islam



Si Madame sa isang Graduation Ceremony sa IPC - Department of Women Affairs sa Rawdha



Larawan ng Al-Masjid Al-Haram, Makkah at ang mag-asawang Ambassador at Madame sa kanilang Pag-hahajj, ang Ika-limang haligi ng Islam



Si Ambassador at Madame sa Graduation Day 2000 ng Philippine Intr. English School sa Fahaheel, kasama ang may-ari na si Mr. Ghazi Faisal Al-Dabbous



Si Ambassador sa kanyang mensahe sa mga miyembro ng Filipino Ladies Association



Si Ambassador at Madame kasama ang mga opisyales ng Kuwait habang hinahati nila ang cake para sa 104th Philippine Independence Day Celebration



Si Ambassador kasama ang DFA Secretary, si Domingo Siazon at ng mga opisyales ng Kuwait



Panayam ni Skh. Abdulhadie Gumander na naganap sa bahay ng Ambassador (Nakatayo sa likod at nasa ika-lima mula sa kaliwa, at sa ikalawa naman ay ang dating Consul General na si Atty. Alimatar Garangan)



Basketball Tournament na dinaluhan ng dating Consul General
(Nasa gitna na kanyang itinataas ang kamay ng isang player)



Si Mr. Ariz Convalecer, ang dating Vice Consul sa kanyang pagdalaw Sa IPC (Sa gitna, at sa kanan ang Director ng Da'wah Affairs ng IPC, si Mr. Khalid Al-Sabae)



Si Ms. Rea G. Oreta, ang Consul at mga kasama sa kanilang pagdalaw sa KPCCenter (Sa una mula sa kanan, at sa una mula kaliwa ang Executive Director

Philippine envoy opens basketball tournamen



Ricardo Endaya, Philippine Ambassador to Kuwait addressing the crowd



MORO EAGLE TEAM

Ricky (Amir) Laxa

KUWAIT: Philippine Ambassador to Kuwait, Ricardo Endaya officially announced the opening of the first basketball tournament organized by the Islam presentation Committee in cooperation with its Daa'wa department.

The tournament, which hopes to foster better understanding between Filipino Muslims and Non-Muslims in the country, provided an opportunity for both to establish closer relationship via sports.

Endaya stressed in his opening remarks that the Philippine Embassy in Kuwait will always provide support to its nationals in various ways.

He also commented on the importance of fitness and health and that Filipinos should utilize their spare time wisely and to enrich themselves both physically and spiritually. Endaya ended his speech with best wishes to winners.

The event drew fifteen teams that included; GE Titan, Mekeni Abe, Americana, JC Net, Al-Khaled Kuwait Company, KPCC, Jaguar Al-Zayari, IPC Slashers, IPC Defenders, Moro Eagle, Filmuck, GE Warriors, MOD Crypto, Al-Rawda Hawally Cooperative and AAFES. Ullesis Abaya, Chairperson of the event, said thirty teams have signed up for the tournament but fifteen have been included to participate.

He also said that registration fee has been taken out from the requirement and that the event focuses on 'promoting peace and oneness' among Filipino Muslims and Non-Muslims in the country.

Askar Mohammed Thafleeh, Sales Executive from Sahala Company, Khalid Saba from the Daa'wa Affairs of IPC and Mohammed Ismail Al-Ansari, General Manager at IPC, were among the guests who arrived to witness the official opening. Thafleeh from Sahala Company expressed his gratitude to the organizers for involving the company as the major sponsor to the event.

He also added that company has extended donations and assistance to the victims of Tsunami, Earthquake in Iran and Pakistan and social activities to several nationals in Kuwait.

The tournament, which is being held at the Al-Nasser Gymnasium in Jleeb Shuyoukh, will run eight Fridays in succession and matches will run from eight in the morning to eight in the evening.



The ceremonial ball toss between Slashers and Jagua



Paliga ng Basketball Tournament na dinaluhan ng
kagalang-galang na Ambassador, si Mr. Ricardo Endaya
(Sa kaliwa na nagbibigay ng panayam, at sa baba rin ang larawan
ng mga team na sumali sa Paliga)



Si Sis. Catherine Gison (Norjannah) isang empleyada sa Embahada matapos ang Aqeeqah, ang pagbinyag sa Islam ng kanyang anak (Sa ikalawa mula sa kanan, at sa una mula kaliwa ang Asst. Executive Director ng KPCCenter Women Section, si Usta. Halima Mantawil)



Isang Symposia tungkol sa Al-Israa Wal-Mi'raaj na ginanap sa OWWA ng KPCCenter Women Section



Isang Iftar Program sa Ramadhan na ginanap sa OWWA ng KPCCenter Women Section









Isang Filipinong kusang yumakap sa Islam at pinag-shahada
ng Administrative Officer & Shari'a Legal Officer sa Embahada at Abogado ng Philippine
Shari'a, si Dr. Muammar Tomara M. Ayo sa
Pilipino Mosque kung saan ginaganap ang Tagalog na Sermon
tuwing Friday ni Skh. Abdulhadie Gumander
(Sa ikalawa mula sa kaliwa si Dr. Ayo)



ilipino Muslim community celebrates Isra wal Mi'

By Ali Haron

KUWAIT: The Philippine Muslim Community in Kuwait celebrated the Isra wal Mi'raj (the Night of Journey and Ascension) last Friday, at the Philippine Embassy Consular lobby. The event was held under the auspices of the Philippine Embassy and spearheaded by the Kuwait Philippine Cultural Center, a newly established wing of the Islam Presentation Committee and participated by the different Philippine Muslim communities in Kuwait.

Prior to the start of the program, a sumptuous lunch was shared by all the participants. It opened at 2:30 pm with the reading of the Holy Quran by Ustadz Abul Bashar Amerol, followed by the reading of its translation in Tagalog by Ustadz Abu Ubaidah Satol. The guests and participants were then welcomed by Dr. Tomara Ayo, Administrative Officer and Acting Head of the Philippine Embassy. Ustadz Abdulhadi Gumander, the Executive Director of the KPCC delivered a short message.

The invited resource speakers each took their turn in discussing their respective topics. Ustadz Khalid Bin Hanafi Mero, a graduate of Islamic Sharia from Kuwait University and a Master in Public Administration from Notre Dame University in Cabato City, spoke about the ...ory and Events during the

(Top) CDA Tomara Ayo with Filipino Muslim community leaders. (Above) Some attendees of Isra wal Mi'raj.

Night Journey of the Pro... Muhammad (peace be ... him)". He was followed ... Brother Mohammad Sumaw... who hails from Bulacan, Ph... pines and the secretary of ... Men's Section of the KPCC, ... discussed the Importance ... Lessons of the Isra wal Mi... The last speaker, Ustadz ... jahid Gumander, spoke on ... Comparison of the Miracles ... the Prophets. Ustadz Mujahi... respected 'aalim (Islamic sc... ar) from Maguindanao works ... the IPC.

An Open Forum follo... moderated by Brother Ali ... Yusof Ulisses Abaya, a Ki... preacher, who was also ... emcee of the program. Bro... Aliuddin Haron, Filmulk ... sident, and Brother ... Ubaidah Satol, the KPCC A... Executive Director, also d... ered short messages during ... program. Abdulhalem Lan... the Philippine Embassy's ... Visa Officer, gave the Clo... Remarks that officially en... the program.

"Glorified be He (Al... (Glory be to Him) Who t... His slave Muhammad (pe... be upon him) for a journey ... night from Masjid al-Hara... (in Makkah) to the farth... mosque (in Jerusalem), ... neighbourhood whereof ... have blessed in order that ... might show him our a... (signs). Verily, He is the ... Hearer, All-Seer." (Su... Israa chapter 17: ve...





Symposia tungkol sa Al-Israa Wal-Mi'raaj na ginanap sa Embahada ng KPCCenter Men Section (Sa ikalawa mula sa kanan ang Preacher, si Bro. Ahmad Yusof Abaya)







Panayam ng Executive Director ng KPCCenter (Ramadhan ay Biyaya sa Sangkatauhan) sa 'Eid Al-Fitr Festival na naganap sa Shuwaikh Sea Side

Isang Pagpaparangal na Okasyon para sa mga sumali sa ginanap na Logo Competition at pagtanggap ng panalo sa Competition ng KD. 50 (Gawing kanan sa



itaas ang Preacher at Secretary ng KPCCenter, si



Bro. Mohammad Sumaway na nagbibigay ng panayam





at sa larawan sa ikalawang hanay sa likod ng bata ang Asst. Executive Director ng Men Section, si Ust. Abu Ubaida Satol)

GABAY SA MGA MANGGAGAWANG FILIPINO (OFWs) SA KUWAIT

Sa Pag-aalis sa Pilipinas patungong Kuwait:

- Alamin ang mga kailangang dokumento sa pag-aalis ng bansa at siguraduhing kumpleto at dala-dala ang mga ito bago pumunta sa Ninoy Aguino International Airport (NAIA), tulad ng Pasaporte, Orihinal na Visa at kung ito'y nakatatak sa Pasaporte, Orihinal na Kontrata sa Trabaho, Overseas Employment Certificate (OEC) para sa mga OFWs, at kung ang uri naman ng Visa ay Dependent Visa, Family Visa o Tourist Visa ay kailangang may Travel Tax at dala-dala ang halaga ng Terminal Fee, at Airplane Ticket, siguraduhin din ang confirmation sa booking.

- Alamin ang mga bawal na gawin at ipasok sa Kuwait tulad ng; pagsusugal, pag-iinom ng alak, pangangalakal ng marihuwana, shabu o anumang katulad nito, at ng paggamit ng mga ito at iba pang ipinagbabawal sa Islam.

Embahada ng Pilipinas o Employment Agency:

- Alamin ang mga numero ng telepono at kinaroroonan ng inyong Embahada o Employment Agency, at makipag-ugnayan kaagad sa kanila pagdating ninyo sa Kuwait.

- Tumawag kaagad sa Embahada o sa Employment Agency sa mga pagkakataong maituturing na emergency katulad ng pananakit o pang-aabuso ng amo.

- Tumawag kaagad sa Embahada o sa Employment Agency kung hindi pa makakatanggap ng sahod pagkatapos ng isa hanggang dalawang buwan na pagtatrabaho.

- Huwag pababayaang mag-expire ang inyong mga Pasaporte. Kung madidiskubre na lagpas na sa expiry date ang inyong Pasaporte, ipagbigay alam agad sa Embahada.

- Kung magkataong huhulihin kayo ng alagad ng batas, huwag kayo magbigay ng anumang impormasyon kung wala kayong kasama na galing sa Embahada.

- Tumulong sa pag-iimbita ng mga mamumuhunan o mga visitors sa Pilipinas, at makipag-ugnayan sa Embahada tungkol dito.

Overseas Workers Welfare Administration:

- Alamin ang mga numero ng telepono at kinaroroonan ng OWWA sa Kuwait.

- Alamin ang mga benepisyo at serbisyo na hatid ng OWWA para sa mga manggagawang Pilipino katulad ng mga sumusunod;
  1. Social Insurance.
  2. Tulong-pautang.
  3. Edukasyon at Pagsasanay.
  4. Tulong Pangkagalingang Pampamilya.
  5. Benepisyong Pangkalusugan.
  6. At iba pa.

Social Security System:

- Alamin ang mga numero ng telepono at kinaroroonan ng mga Representative ng SSS sa Kuwait.

- Alamin ang programa ng SSS para sa mga manggagawang Pilipino at kung papaano maging OFW member.

- Kung OFW member ka na, alamin ang Schedule of Contribution, mga Benepisyo at mga Loan Privileges.

Philippine National Bank (PNB) at iba pang mga Banko:

- Alamin ang mga numero ng telepono at kinaroroonan ng mga Representative ng PNB at iba pang mga Banko, at mga Exchange Companies sa Kuwait na may ugnayan sa ating mga Banko sa Pilipinas.

- Siguraduhing makapagpadala ng pera sa pamilya sa Pilipinas tuwing buwan para sa kanilang kabuhayan at gastusin.

Batas ng Kuwait at Visa o Residency (Iqaama):

- Alamin ang mga bayad kapalit ng anumang serbisyo sa Visa, Residency, Civil ID at iba pa, maging kayo man ay Visa 17, Visa 18, Visa 20 o Visa 22.

- Alamin ang mga kundisyon sa pagtatatak ng Residency sa Pasaporte tulad ng mga sumusunod; pagtungo sa mga Medical Centers upang mag-medical check up at makatanggap ng Certificate Free From Infectious Diseases, pagtungo sa Ministry of Interior upang mag-finger-print at makatanggap din ng katunayan na wala kayong kaso sa Kuwait, at pagtungo sa Ministry of Health upang magbayad ng Health Insurance at makatanggap din ng katunayan ng inyong pagbayad.

- Siguraduhin na maitatak ang inyong Residency sa inyong Pasaporte sa loob ng dalawang buwan pagkarating ninyo sa Kuwait.

- Huwag kaagad aalis sa inyong mga trabaho kung hindi kayo kuntento sapagkat labag ito sa batas.

- Huwag basta maniniwala sa mga naghihikayat na kayo ay tumakas sa inyong mga amo upang hindi kayo mabiktima ng Prostitution.

- Huwag pababayaang mag-expire ang inyong mga Visa. Kung madidiskubre na lagpas na sa expiry date ang inyong Visa o ilegal na ang inyong pananatili sa Kuwait, agad itong irenew o kaya ay magpasya na lumabas ng legal sa bansa.

- Alamin ang mga batas sa Visa at sa mga uri nito, at multa bawat araw ng ilegal na pananatili sa Kuwait.

- Alamin ang mga ipinagbawal o mga hindi karapat-dapat na gawin sa Buwan ng Ramadhan, kayo man ay Muslim o hindi.

- Iwasan ang pagsusugal at pag-iinom ng alak, sapagkat ito ay

malubhang ipinagbabawal ng batas.

- Alalahanin na ang kapalit ng pangangalakal ng marihuwana, shabu o anumang katulad nito, at ng paggamit nito ay maaaring aabot sa hatol na kamatayan.

Pagpunta sa Iraq at pagtakas sa ibang bansa:

- Huwag magpasya na magpunta o tatakas sa Iraq, sapagkat ito ay bawal sa ating pamahalaan.

- Huwag magpasiya na tatakas o lalabas ng ilegal sa kahit saan mang bansa.

Mga Pansariling pag-iingat:

- Siguraduhing may kopya kayo palagi ng mga sumusunod na dokumento; Pasaporte, Visa, Residency at Kontrata sa Trabaho.

- Huwag pipirma ng anumang dokumento kung hindi ito nauunawaan.

- Huwag pipirma ng pagkatanggap kung hindi pa aktuwal na nakuha ang inyong sahod o anumang benepisyo.

- Huwag ibibigay ang inyong sahod o kaya ito ay ipapahiram sa taong hindi ninyo taos na kilala.

- Dalhin palagi ang inyong mga Civil ID kahit saan magpunta.

- Iwasang makipag-relasyon sa inyong mga amo o anumang ilegal na relasyon sa ibang tao.

Seguridad sa posibleng magkaroon ang emergency crisis:

- Makipag-ugnayan sa Embahada para sa pag-register kung hindi pa kayo nakaregister, kasama sa ireregister ay ang inyong mga pamilya kung andito sila sa Kuwait. Magdala niyo ang valid na mga impormasyon sa inyong lahat at mga bagong larawan.

- Laging hawak niyo ang inyong orihinal na Pasaporte, at kung ito ay hawak ng amo niyo o nasa Employment Agency, maki-usap

na pansamantalang ipagkaloob sa inyo.

- Laging hawak niyo ang kahit isa mang kopya sa mga mahalaga at pansariling dokumento katulad ng mga sumusunod; Pasporte, Residency, Civil ID, Permit, ID at Kontrata sa trabaho, listahan sa pagtanggap ng salary, Health Card, Driving License, Birth Certificate, Marriage Certificate at iba pa. Tiyakin na ang mga ito ay nakalagay sa envelope o sa water-proof file folder.

- Kumuha kayo ng kapahintulutan sa pagta-travel mula sa inyong mga amo katulad ng exit visa, road permit, safe conduct pass at entry visa sa alinmang lugar na gusto niyong tunguhan, at lagi may hawak kayong road or travel map. Kung sa eroplano kayong sasakay, laging naka-book kayo kung wala pa kayong plane ticket at makipag-ugnayan sa Embahada kung sa Pilipinas kayo tutungo.

- Alamin at dalawin ang mga assembly points na itatakda ng Embahada para sa mga Pilipino, at kilalanin ang mga coordinators tungkol dito.

- Laging nakagayak ang mga pangangailangan sa transportation o sa paglalakbay sa sandaling may emergency crisis, upang puwede kayong magtravel kaagad; katulad ng petron at mga tools ng sasakyan.

- Kung kaya niyo sikaping hindi mag-travel mag-isa lalo na kung hindi niyo ma-inform ang Embahada o sino mang naitakda bilang area cordinator.

- Laging nakagayak ang mga sumusunod para sa madaliang pagta-travel:

1. Salapi para sa gastusin sa paglalakbay; US Dollars at iba pa. Siguraduhing nakalagay ito sa ligtas na kinalalagyan, gayundin ang mga ginto, passbook, ATM card at iba pa.
2. Damit o gamit para sa paglalakbay katulad ng; pansuot sa mainit at sa malamig na panahon, pantulog na bag, blanket, towalya, head covering, sun glasses, Swiss knife, mirror, flashlight, kandila o kaya ay maches para sa pagkakataong mawala ang ilaw at iba pa.
3. Pangangailangan para sa pagtawag katulad ng;

address book, mobile phone, spare battery, compass, whistle, short-wave radio at mga baterya nito, lap top kung meron at iba pang mga pangangailangan para sa pagtawag sa Embahada, sa mga kamag-anak at sinumang dapat na laging may ugnayan sa kanila.

- Kung may kinatatakutang Biological o Chemical Weapons, alamin ang mga panguntra sa mga ito at igayak ang mga pangangailangan tungkol dito.

Para sa Pag-uuwi o Pagbakasyon sa Pilipinas:

- Alamin ang mga kailangang dokumento sa pag-uwi at paglalakbay, at siguraduhing kumpleto at dala-dala ang mga ito bago pumunta sa Airport, tulad ng Pasaporte, Residency (Iqaama) sa Kuwait, Overseas Employment Certificate **(OEC)** para sa mga Balik Manggagawa at Airplane Ticket, siguraduhin din ang confirmation sa boking.

- Makipag-ugnayan sa Embahada para sa pagkuha ng Balik Manggagawa o Overseas Employment Certificate **(OEC)** para hindi na ito makakaabala sa inyong mga gawain sa bakasyon, at ito ay maaari ding kunin sa **POEA** sa Pilipinas.

- Makipag-ugnayan sa Embahada para makatanggap ng mga babasahing inilathala ng Bureau of Customs sa Pilipinas tulad ng Passenger Guidelines, na naglalaman ng pagkuha ng Balik manggagawa, mga impormasyon tungkol sa Balikbayan, Duty-Free, Customs Declaration at mga iba pang ipinagbabawal na ipasok at ilabas sa Pilipinas.

- Makipag-ugnayan din sa Embahada para makatanggap ng mga babasahing inilathala ng Manila International Airport Authority sa Pilipinas, tulad ng Your Guide, na naglalaman ng mga items na maaaring ipasok sa Immigration at mga items na ipinagbabawal na ipasok, mga impormasyon sa pag-check-in at mga iba pa ukol sa pagpapalakas ng Siguridad ng Bansa at mga Mamamayang Pilipino. Isa rin sa mga inilathala ng Manila International Airport Authority at Department of Transportation and Communication ang

Guidelines on the Carriage of Liquid Aerosol Gels (LAGs) para sa seguridad ng inyong paglalakbay.

- Ang lahat ng mga babasahing ito ay maaari ding tanggapin sa International at mga Domestic Airports ng Pilipinas. Makipag-ugnayan lamang kayo sa mga kinauukulan sa loob ng Airport.
- Mag-ingat sa paghahanap ng sasakyan o taxi at lagi maingat sa mga bagahe, mas mabuti kung ang masakyang taxi ay registered sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) para sa inyong seguridad.

Mabuhay at Maligayang Paglalakbay!

MGA DIREKSIYON (ADDRESS) AT NUMERO NG TELEPONO

PILIPINAS:

Department of Labor and Employment (DOLE)
Philippine Overseas Employment Administration (POEA)
Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)
OWWA Center Bldg., F.B. Harrison corner 7th Streets,
Pasay City, Philippines
Tel. No.: 891-7601 up to 24
Fax: 833-0187
Website: www.owwa.gov.ph

The Department of Tourism (DOT)
4th Floor, Legaspi Towers 300, Roxas Boulevard,
Manila, Philippines
Tel. No.: 0063 2 525-9318 up to 27 Fax No.: 0063 2 521-6165.
E-Mail: pcvcnet@dotpcvc.gov.ph

Other Important Nos.:

DOT Information Center (24 hours):
Tel. No.: 524-2384/525-2000/526-2257
For Tour guide Assistance:
Council of the Philippine Tour Guides
Tel. No.: 526-1111
Guide Union in a Democratic Society
Tel. No.: 536-6394
For Tour Package:
Phil. Tour Operators Association
Tel. No.: 892-637/812-4513/893-0284
For Legal Service:
DOT Legal Service
Tel. No.: 523-2565/524-1680
Civil Defense Operations Center
Tel. No.: 911-5061

Police Assistance:
DOT Tourist Security Center
Tel. No.: 522-4372/524-1660/524-1728
NAIA Airport Security Center
Tel. No.: 877-1109/891-7630
PATROL Tel. No.: 117

Department of Finance (DOF)
Bureau of Customs
The Commissioner of Customs:
South Harbor, Port Area, Manila 1018 Philippines
Tel. No.: 0063 2 527-4573 Fax No.: 0063 2 527-9453
District Collector of Customs:
NAIA Tel. No.: 0063 2 879-6003 Telefax No.: 0063 2 819-5088

Social Security System (SSS)
East Avenue, Diliman,
Queson City, Philippines
Website: www.sss.gov.ph
E-mail: member_relations@sss.gov.ph

Philippine Airlines
Manila-24 Reservations:
Tel. No.: 855-8888 Fax No.: 853-7725
For First Class, Mabuhay Class:
Tel. No.: 855-7888 Fax No.: 853-7725
E-Ticketing:
Tel. No.: 855-1000
Website: www.philippineairlines.com

Kuwait Airways Corporation
JAKA 11 Building, 150 Legaspi St.
Legaspi Village, Makati City
Tel. No.: 8172633/817-2662/8172778
Fax: 815-4453

KUWAIT:

Embassy of the Philippines
Block 7, Street 103, Villa 503
Jabriya, State of Kuwait
Tel. No.: 5345761/5345762/5329318/5329099
Fax No.: 5329319
E-Mail: phembkt@qualitynet.net

Philippine Overseas Labor Office (POLO)
Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)
Block 7, Street 103, Villa 503
Jabriya, State of Kuwait
Tel. No.: 5320843/5329315/5342109
Fax No.: 5329319

Social Security System (SSS)
SSS Representative: Francisco U. Uy
Tel. No.: 5320224 Fax No.: 5329319
E-mail: ssskwt@philemb.fasttelco.com

Philippine National Bank (PNB)
C/O Philippine Embassy
Tel. No.: 5349099 Fax No.: 5329319
Mobile: 9869386
E-mail: pnbkuwait@philemb.fasttelco.com
Website: www.pnb.com.ph

Kuwait Foreign Affairs
Department of Authentication
Al-Jahraa Motorway (Near Airport Road)
Shuwaikh (Banda sa kanan at sa kaliwa
ang Kaifan papuntang Al-Jahraa)

Kuwait Airways Corporation
Abdul Aziz Hamed Saqer St.
(Dulo ng Abu Bakr Al-Siddeq St.)
Near Fahad Al-Salem St.
Kuwait City

Philippine Airlines
Al Sawan Company W.L.L.
Fahad Al-Salem St.
Tel.: 808020 Ext.: 1501 – 1502
Fax: 2453130
Website: www.alsawan.net
Other No.: 2433141 Fax No. 2462358
Website: www.philippineairlines.com

Cebu Pacific
Caesars Int'l. Travel Co. W.L.L.
Office # B6, Sharifa Complex
(Behind Muthanna Complex)
Fahad Al-Salem St.
Tel. No.: 2493924/2493941-2-3-5-6
Fax No.: 2493940
E-Mail: caesarsgsa@gmail.com
E-Mail: www.caesarsgroup.net

Badur Travel
Pinoy Travel
Tel. No.: 2402400 Fax No.: 2451555
E-Mail: info@badurtravel.com
Website: www.badurtravel.com

ANG KAUNA-UNAHAN AT WALANG KAHALINTULAD NA CENTER PARA SA MGA FILIPINO SA KUWAIT

Ang **Kuwait Philippine Cultural Center** (**KPCCenter**) ay isang bagong tatag na Center sa Kuwait. Ito ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang sentro na kung saan ay nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian.

Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon, at upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito ay naglalaan din ng pangrelihiyon at pantaong paglilingkod sa mga Filipino sa Kuwait. Ang mga pag-aaral, educational trips, picnics, recreations at iba pa. Gayundin ang paglulunsad ng mga ibat-ibang Filipino organizations, communities at mga clubs ng kani-kanilang mga meetings o aktibidad dito sa Center ay libre.

Sa aspetong pangrelihiyon, ang KPCCenter ay hindi lamang bumabatay sa mga katuruan, mga kahalagahan, at mga kaugaliang pang-Islam, kundi ito ay isa ring pakikipagkasundo, tuwiran at katamtamang pakikitungo at mga pamamaraan sa lahat ng mga gawain nito, na nag-aanyaya sa lahat ng mga relihiyon at mga sektor upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Nagsimula noong **ika-15 ng Mayo 2006**, ang KPCCenter ay tumatanggap ng mga panauhin mula sa mga mamamayang Filipino at patuloy na nag-aanyaya sa mga kabayan, anuman ang kanilang mga layunin.

Ang KPCCenter ay para din sa mga kapatiran na may hilig sa may paghahambing na pag-aaral bilang tugon din sa pangkalahatang paniniwala na bawat isang tao ay malaya sa kanyang pag-aaral at kung anong relihiyon o kultura ang kanyang nais sundin.

Itinakda ng KPCCenter ang "**UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN**" bilang kanyang simbulo, na ito ay batay sa kahulugan ng Talata sa Banal na Qur'an:

﴿يأيها الناس إنا خلقناكم من ذكر وأنثى وجعلناكم شعوباً وقبائل لتعارفوا إن أكرمكم عند الله أتقاكم إن الله عليم خبير﴾ الحجرات: 13.

Sang-ayon sa pagpapaliwanag ng kahulugan Nito:

«O sangkatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa (pamayanan) at mga tribo upang mangakilala ninyo ang isat-isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa Paningin ni Allah ay (yaong sumasampalataya) na may Al-Taqwa (katangian ng isang tunay na mananampalataya na may pag-aala-ala at pagkatakot kay Allah, kabanalan at kabutihan). Katotohanan si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Lubos na Nakababatid ng lahat ng mga bagay)» 49: 13.

HULING PANANALITA AT PASASALAMAT

Kami ay nagpapasalamat sa buong staff ng **Embahada ng Pilipinas** sa Kuwait sa pangunguna nina **Ricardo M. Endaya** ang kagalanggalang na Ambassador, **Dr. Muammar Tomara M. Ayo** ang Administrative Officer & Shari'a Legal Officer sa Embahada at Abogado ng Philippine Shari'a**,** at ang Labor Attache sa OWWA, si **Leopoldo B. De Jesus** sa kanilang tuloy-tuloy na suporta sa KPCCenter upang maitaguyod ang mga aktibidad nito sa loob man o sa labas ng Embahada at OWWA**,** sa **IPC** sa pangunguna nina **Shiekh Nadir Al-Nouri** ang Chairman ng Board of Directors at ang General Director, si **Mohammad Al-Ansari**, sa mag-asawang sina **Dr. Sukarno D. Tanggol** ang kagalanggalang na dating Ambassador at **Beverly Faith Tanggol (Ayesha Jennah Hessa)**, at gayundin kay **Mr. Adnan Al-Jarawi**, isang malaking mangangalakal na Kuwaiti at walang sawang sumusuporta sa IPC, sa kanilang pagkakaisa at sa pagtulong-tulungan din na aming mailahad at mailimbag ang Payak na Kasaysayang ito at Gabay sa OFWs sa Kuwait.

Patuloy din kaming nag-aanyaya sa lahat ng mga Filipino na sama-sama nating tunghayan ang ating mga magagandang kaugalian at kultura at gayundin ang mga kaugalian at kultura ng pamayanang Kuwaiti kasama ang kanilang lingguwahe o dialect para sa ikabubuti ng pagsasama at pakikitungo. Dalangin namin sa Diyos na ang aming Sentro (**KPCCenter**) ay makatulong sa mga OFWs, maging ito ay sa pansariling kakayahan o sa pamamagitan ng pakikipagtulungan din sa Embahada, anuman ang kanilang hangarin o mabigat na dinadala sa kanilang kaisipan, na ang layunin ay matamo ang tunay na kapayapaan, katahimikan ng kalooban at kaginhawahan sa daigdig na ito hanggang sa Kabilang Buhay.

KPCCenter's Administration

TALATUNTUNAN NG MGA NILALAMAN

Mga Nilalaman	صفحة	محتويات
Paunang Salita ng Embahada ng Pilipinas sa Kuwait	3	تقديم السفارة الفلبينية بالكويت
Pambungad ng KPCCenter's Executive Director	4	مقدمة مدير تنفيذي المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Mensahe ng kagalang-galang na dating Ambassador	6	رسالة سعادة السفير السابق
Sulat-kamay at lagda bilang kapahintulutan na ilathala at ilimbag itong kasaysayan	7	موافقة بخط يد وتوقيع على نشر وطباعة القصة
Payak na Kasaysayan ni Madame Beverly Faith Taplis Tanggol	8	قصة مدام بيبرلي فيت تافليس تانجول
Ang kanyang pagkasilang at paglaki	8	ولادتها ونشأتها
Ang kanyang obligasyon at mga aktibidad sa Simbahang Katoliko	8	دورها وأنشطتها في الكنيسة الكاثوليكية
Ang kanyang talento at pagiging Cultural at University Schoolar	8	عبقريتها وحصولها على منحة جامعية وثقافية
Ang Pagka-miyembro sa mga grupo at pundasyong pang-estudyante	9	عضويتها في المؤسسات والجماعات الطلابية
Ang simula ng kanyang pagkakilala ng Islam at ng mga kabutihan nito	10	بداية تعرفها على الإسلام ومحاسنه

Ang kanyang pag-aral sa UP ng Masteral in Public Administration	10	دراستها في جامعة الفلبين كلية الدراسات العليا ماجستير الإدارة العامة
Ang pagdating sa Kuwait at pagsunod sa kanyang kabiyak na Ambassador noong Septyembre, 1999	11	وصولها إلى الكويت وإلحاقها بزوجها السفير عام ١٩٩٩م
Pinuno ng DFA Ladies Foundation	11	رئيسة مؤسسة النساء بالوزارة الخارجية الفلبينية
Ang kanyang pag-aaral at kusang pagyakap sa Islam sa IPC	12	دراستها وإشهار إسلامها برضا في لجنة التعريف بالإسلام
Ang magandang napagdaanan sa kanyang unang pag-aayuno sa Buwan ng Ramadhan noong 2000	12	خبرتها الجميلة في أول صيام لها في رمضان عام ٢٠٠٠م
Ang kanyang Paghajj na nakadagdag sa kanyang paniniwala noong 2001	13	رحلة الحج لها التي زادتها إيمانا عام ٢٠٠١م
Ang pagbalik sa Makkah para sa Pag-umrah kasama ang kanyang pamilya noong 2002	14	عودتها إلى مكة للعمرة مع أهلها عام ٢٠٠٢م
Ang tatlong bagay na nakahikayat sa kanya sa Islam	14	ثلاثة أمور أعجبتها في الإسلام
Mga tanawin at larawan na nagpapaalala sa Pilipinas at sa Kuwait	16	مناظر وصور تذكارية في الفلبين والكويت
Gabay sa mga manggagawang Filipino (OFWs)	27	إرشادات للعمالة الفلبينية
Mga direksiyon (address) at numero ng telepono	33	عناوين وأرقام تلفون

Mga direksiyon (address) sa Pilipinas	33	عناوين في الفلبين
Mga direksiyon (address) sa Kuwait	35	عناوين في الكويت
Ang kauna-unahan at walang kahalintulad na Center para sa mga Filipino sa Kuwait	37	المركز اللامثيل له والأول للفلبينيين بالكويت
Huling Pananalita at Pasasalamat	39	خاتمة وكلمة شكر
Talatuntunan ng mga nilalaman	40	فهرس محتويات

PAKIUSAP:

Kabayan, matapos mong basahin itong aklat at hindi mo na kailangan ay mangyaring ibahagi sa iba!

Pagkalooban ka ng Diyos ng Gantimpala.

Ameen!

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

STATE OF KUWAIT Al-Farwaniya
Block 1, St. 74 Corner St. 72, Bldg. 12, Floor 8
Telefax No.: 24712574 Hotline (Mobile): 97802777